Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-66 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 318-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT NG BUMUBUO NG SANGGGUNIANG PANLUNGSOD, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KAY BB. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ MULA SA BARANGAY LUGAM, LUNGSOD NG MALOLOS, PARA SA KANIYANG TAGUMPAY AT PAGKAKABILANG SA TOP 7 FINALIST SA GINANAP NA GRAND CORONATION NIGHT NG "MISS COSMOWORLD PHILIPPINES 2023".**

**ITINAGUYOD NI: KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatakda ng Saligang Batas ng Pilipinas na kinikilala ng Estado ang napakahalagang tungkulin ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa, gayun din ay dapat na itaguyod at pangalagaan ang kanilang kagalingang pisikal, moral, ispirituwal, intelektuwal, at sosyal;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapakita at nagpapahayag ng maringal na pagkilala sa kagalingan ng mga kabataan at sa kanilang abilidad na makapagdulot ng pag-unlad sa pamayanan;

Dagdag dito, naniniwala rin ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos, na bilang pag-asa ng bayan, ang mga kabataan ay nasa posisyon rin na kumilos bilang mga tagapagpasimula ng positibong pagbabago sa lipunan na magbubunga ng kabutihan sa ekonomiya na pakikinabangan ng kasalukuyan at ng mga henerasyon pang darating;

**SAPAGKAT,** noong ika-12 ng Oktubre, 2023 ay ginanap ang Grand Coronation Night ng Miss CosmoWorld Philippines 2023 sa Aliw Theatre kung saan kinatawan ni Bb. Rian Maclyn L. Dela Cruz ang dakilang Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang Miss CosmoWorld Philippines ay isang nasyonal na patimpalak na mayroong layunin na ipakita ang kagandahan, at itanghal ang karunungan at kahusayan sa iba't ibang larangan ng mga Pilipina;

**SAPAGKAT,** dahil sa angking galing at husay na ipinamalas ni Bb. Rian Maclyn L. Dela Cruz ay napabilang siya sa Top 7 Finalist sa naturang kumpetisyon;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, si Bb. Rian Maclyn L. Dela Cruz, mula sa Barangay Lugam, Lungsod ng Malolos ay nagsisilbing inspirasyon sa mga Maloleño, lalo't higit sa mga kabataan, upang higit na magsikap at magbigay karangalan sa bayan;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan ni Bb. Rian Maclyn L. Dela Cruz, ay muling napatunayan na hindi lamang sa kagitingan, kabayanihan at katapangan makikilala ang dakilang lahi ng Malolenyo;

**SAPAGKAT**, marapat lamang na bigyan ng kaukulang pagkilala si Bb. Rian Maclyn L. Dela Cruz dahil ang karangalan na kaniyang natamo ay karangalan din ng dakilang Lungsod ng Malolos at ng mga mamamayan nito;

Kung kaya't sa mungkahi ni **Kgg. Patrick S. Dela Cruz** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ang pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, kay Bb. Rian Maclyn L. Dela Cruz mula sa Barangay Lugam, Lungsod ng Malolos, para sa kaniyang tagumpay at pagkakabilang sa Top 7 Finalist sa ginanap na Grand Coronation Night ng "Miss CosmoWorld Philippines 2023".

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10172023